

MEMORY GAME TUNGKOL SA MGA PANGANIB

Ayon sa IFRC, tumutukoy ang panganib sa “peligrosong pangyayari, bagay, aktibidad ng tao, o kondisyon na maaaring magdulot ng kamatayan, pinsala, o iba pang epekto sa kalusugan, pinsala sa ari-arian, kawalan ng mga kabuhayan at serbisyo, kaguluhan sa lipunan o ekonomiya, o pagkasira ng kapaligiran.” Puwedeng maiwasang maging sakuna ang mga panganib. Kapag batid mo ang mga posibilidad na magkaroon ng sakuna sa iyong lugar at alam mo ang mga dapat gawin para makapaghandá, maaaring hindi ka madaling maapektuhan at maaari mo pang mapigilang magkaroon ng sakuna.

Mga Aktibidad para Mapaliit ang Posibilidad na Magkaroon ng Sakuna

Oras na Kailangan

15 minuto

Hirap

Madali

Mga Kinakailangan

Papel, printer

Mga tagubilin

● Unang Hakbang

- Gupitin ang talahanayan sa ibaba at balasahin ang mga card.

● Ikalawang Hakbang




- Ilatag ang mga card sa mesa.

● Ikatlong Hakbang

- Itugma ang pangalan ng panganib sa wastong paglalarawan nito at sa mga naaangkop na dapat o hindi dapat gawin.



MEMORY GAME TUNGKOL SA MGA PANGANIB

Pangalan ng Panganib	Paglalarawan ng Panganib	Mga Dapat o Hindi Dapat Gawin
 <p>Matinding Init</p>	<p>Mahabang panahon na may di-karaniwang init at kadalasang may mataas na humidity</p>	<p>Dapat Gawin: Iwasang maglaro ng sports at gumawa ng mabigat na ehersisyo kapag tirik ang araw</p>
 <p>Epidemya</p>	<p>Di-inaasahan at kadalasa'y biglaang paglaganap ng isang sakit sa loob ng komunidad o rehiyon</p>	<p>Hindi Dapat Gawin: Isama sa gulay ang hilaw na karne</p>
 <p>Lindol</p>	<p>Biglaan at mabilis na pagyanig ng lupa na dulot ng pag-usog ng mga bato sa ilalim ng lupa o ng aktibidad ng bulkan o magma</p>	<p>Dapat Gawin: Yumuko/mag-lock, takpan ang iyong ulo at leeg, at kumapit</p>



MEMORY GAME TUNGKOL SA MGA PANGANIB

 <p>Tsunami</p>	<p>Along dulot ng malakihang paggalaw sa sahig ng dagat. Puwedeng napakabilis na tumawid sa dagat ng mga alon at maaaring tumama ang mga iyon sa mga baybayin nang may taas na mahigit 20 metro/66 na talampakan</p>	<p>Dapat Gawin: Lumikas sa mas mataas na lugar at sa pook na pinakamalayo sa baybayin hangga't maaari</p>
 <p>Baha</p>	<p>Tubig na umapaw sa mga karaniwang hangganan ng mga sapa, ilog, o iba pang anyong tubig o tubig na naipon sa lugar na tuyo kadalasan</p>	<p>Hindi Dapat Gawin: Maglakad, lumangoy, o magmaneho sa tubig-baha</p>
 <p>Wildfire</p>	<p>Mga sunog na malaki, hindi nakokontrol, at maaaring mapaminsala na puwedeng makaapekto sa mga lugar sa kanayunan at lungsod</p>	<p>Dapat Gawin: Iwasan ang pagsisiga lalo na sa panahong madalas magkasunog</p>
 <p>Pagkawala ng Kuryente</p>	<p>Pagkawala ng supply ng kuryente</p>	<p>Dapat Gawin: Lumikas kung masyadong mainit o masyadong malamig sa bahay o kung may mga aparatong medikal ka na nangangailangan ng kuryente</p>

